



Huwag magpaniwala ! Maling bali-balita sa bagong Immigration Law.

Huwag magpadala sa lumalaganap na maling sabi-sabi ukol sa bagong batas ng imigrasyon. Maraming reaksyon at katanungan ang lumabas sa isyu noong nakaraang buwan. Susubukin naming sagutin ang mga katanungang ukol sa Immigration Law.

■ Ito ang ilan sa mga usap-usapin. Narinig mo na ito?

Sabi-sabi... ■ Ang permanent resident visa status ay mawawalan ng bisa dahil mawawala na ang Alien Registration Act. ■ Ang period of stay ay magiging 5 o 7 taon. Ang permanent resident visa status ay mawawala.

Sagot... Mali. Ang may tala ng period of stay na 3 taon ay magiging 5 taon. Hindi maapektuhan ang permanent resident visa. Kinakailangang lamang magpapalit sa Resident Card hanggang Hulyo 8, 2015. Ang Resident Card may bisa hanggang 7 taon.

Sabi-sabi... ■ Pagkatapos ng pagbabago ng batas ng imigrasyon, kailangan ang certificate of legal capacity to contract marriage sa pagrenew ng visa.

Sagot... Hindi kailangan ang nasabing sertipiko. Ang kailangang ihanda ay litrato, pasaporte registration card at iba pa kung ikaw ay 16 taon gulang o mas matanda.

Sabi-sabi... ■ Kapag namumuhay na hiwalay(bekkyo)sa asawang Hapon, ang visa bilang asawa ay tinatanggal. **Sagot...** Ang iyong karapatan ay hindi inaalis dahil hiwalay ka sa iyong asawa sa mga sumusunod na rason: Hiwalay ka dahil sa pananakit ng asawa. Magkahiwalay na naninirahan sa ipa pang kadahilanan pero magkasama sa gastusin sa pamumuhay. Kung sa kasalukuyang nakikipag-ayos o nagpasa ng diborsyo. Kung kailangang tumigil ng matagal sa iyong bansa dahil maysakit ang iyong kamag-anak at iba pa.

Sabi-sabi... ■ Kung magpapakasal sa isang Hapon, kailangang umuwi minsan sa inyong bansa kahit na naninirahan na kayo dito sa Japan o kahit na ito ay muling magpapakasal

Sagot ...Katulad pa rin ng dati. Kung magpapakasal o muling magpapakasal sa Japan, depende sa sitwasyon, kung kelan maaring magpakasal gayundin kung hanggang kelan ang inyong visa. Sa Pilipinas, kailangan ipasa sa korte para maging legal ang diborsyo.

Sabi-sabi... ■ Ang permanent resident visa status ay mawawala kung aalis sa Japan mahigit isang taon. ■ Kapag nanirahan sa ibang bansa ng higit sa 1 taon, permanent resident visa status ay maaring matanggal.

Sagot... Mali. Kung hindi aabot ng 1 taon ang pagbalik sa Japan, hindi kailangan ang re entry permit.. Kung aalis ng Japan ng mahigit 1 taon kailangang kumuha ng re entry permit gaya ng dati. Sa gayon sa pagpasok muli sa bansa, ang karapatan bilang permanenteng residente o residente ay hindi matatanggal.

Sabi-sabi... ■ Kung nag overstay ng 10 taon o higit pa at kusang sumuko sa tanggapan ng Imigrasyon, ay mabibigyan ng resident visa.

Sagot... Hindi. Hindi sila mabibigyan ng visa. Subalit, kung sila ay may asawang Hapon/Hapones o nagpapalaki ng anak na Hapon, maari silang mabigyan ng resident visa sa pamamagitan ng Special Permission for Residence.

Alam nyo ba ang “special health examination” ng national health insurance?

Napapansin nyo ba ang mga nakapaskel sa harapan ng mga ospital tungkol sa special medical and health check up? Ito ay hindi tumutukoy sa check up kapag ikaw ay may sakit. Sinumang kasapi sa national health insurance ay maaaring kumuha nito. Hindi tayo nakakasiguro kahit namaayos ang ating pakiramdam.

Ang check up ay makakatulong para makaiwas sa sakit, makita at maagap na malunasan anumang karamdamang makita. Sinumang 40 hanggang 74 taong gulang ay napadalahan na ng impormasyon ukol dito noong nakaraang Mayo. Sa halagang 1,500 yen, maaaring magpakuha ng iba’t-ibang eksamen. Ito ay ginagawa taun-taon. Maaari kayong magpa chekup sa ospital na malapit sa inyo. Inaanyayahan namin kayo na huwag mag atubili o matakot na magpa check up.

Maging maingat laban sa heat stroke!

Kahit Septiembre na halos araw-araw pa rin napag-uusapan ang pag-iingat sa Heat Stroke. Dapat maging maagap sa mga sintomas bago lumala. Minsan hindi namamalayan na may Heat Stroke na pala. May 4 na sintomas ito; alamin para makaiwas dito.

- 1)nanlalamig ang iyong kamay
- 2)kapag diniinan ang kuko, ito ay hindi kaagad namumula.
- 3)kapag kinurot ang balat, hindi kaagad ito bumabalik sa dati.
- 4)hindi pinapawisan ang kilikili.

2 libro ang nalathala para sa mga dayuhang residente



● Gabay sa araw-araw na pamumuhay sa Kawagoe-city na may 340.000 mamamayan ay naglathala para sa maayos na pamumuhay ng mga dayuhang residente

● 「Libreta para sa maayos na pamumuhay」 sa 7 iba ibang wika. . . . Mula sa mga konsultasyon, namili ng mga mahalalaga at ipinakita ang paglutas, mga paliwanag at katugunan sa mga katanungan. Sa mga interesado, tumawag o pumunta sa center.
Tel 049-256-4290

May kilala kayong maaaring magsalin ng Nihonggo sa kanyang wika?

An ating center ay patuloy na nagsasagawa ng mga aktibidad para sa maayos na pamumuhay ng mga dayuhang residente. Pagsasalin ay isang mahalagang gawain. Kami ay naghahanap ng maaaring magsalin ng Nihonggo sa kanyang sariling wika. Kung may kilala kayo, maaaring ipaalam sa amin sa pamamagitan ng Fax. ★FAX NO.049-256-4291

<gupitin ang guhit>

●Pangalan at Nasyonalidad

●Tirahan at telepono

●Wika

Taunang Ebento TANABATA Festival



Sa aming Japanese class, may mga iba ibang ebento na ginagawa para masiyahan sa Japanese traditional festivals.

Agosto 2, nagkaroon ng TANABATA festival. Tinali ang mga sinulat na hiling “tanzaku” sa kawayan. Nagkainan din ng “soumen” isang uri ng “udon” at pakwan na hindi nawawala tuwing summer. Lahat ay nasiyahan sa Festival.

www.ficcc.jp/living/

●Tingnan ang Gabay sa Pamumuhay sa 6 na wika sa aming web site